

# Bahagi ng Proyekto mula Los Angeles hanggang Anaheim

## IMINUMUNGKAHING ALTERNATIBANG IMPRASTRAKTURA



- REHIYON NG NORTHERN CALIFORNIA
  - San Francisco Salesforce Transit Center
  - San Francisco 4th & King Station
  - Millbrae (SFO)
  - San Jose Diridon Station
  - Gilroy
- REHIYON NG CENTRAL VALLEY
  - Merced
  - Fresno
  - Kings/Tulare Regional Station
- BAHAGI NG PROYECTO MULA BAKERSFIELD HANGGANG PALMDALE
  - Bakersfield
  - Palmdale
- BAHAGI NG PROYECTO MULA MULA PALMDALE HANGGANG BURBANK
  - Burbank Airport Station
- BAHAGI NG PROYECTO MULA BURBANK HANGGANG LOS ANGELES
  - Los Angeles Union Station
- BAHAGI NG PROYECTO MULA LOS ANGELES HANGGANG ANAHEIM
  - Anaheim

### Buod ng Bahagi ng Proyekto

Kokonektahin ng Yugto 1 ng California High-Speed Rail System (HSR) ang San Francisco at Anaheim. Ang bahagi ng proyekto mula Los Angeles hanggang Anaheim (LA-A) ay ang pinakatimog na link na nagkokonekta sa Los Angeles Union Station (LAUS) at Anaheim Regional Transportation Intermodal Center (ARTIC) gamit ang kasalukuyang shared Los Angeles-San Diego-San Luis Obispo (LOSSAN) urban rail corridor. Sa kasalukuyan sinusuporta nitong corridor ang passenger at freight rail services kabilang ang Metrolink, Amtrak at BNSF Railway (BNSF). Iminungkahi ng supplemental alternatives analysis na inilabas ng Authority sa November 2023 ang isang bagong build alternative, ang shared passenger track alternative, na patuloy na pag-aaralan sa loob ng Draft Environmental Document. Susundin ng Shared Passenger Track Alternative ang parehong paghahanay ng BNSF Railway corridor gaya ng dating 2018 HSR Project Alternative, subalit walang Colton Intermodal Facility, gaya ng dating iminungkahi. Sa alternatibang ito, babawasan ang pagpapatakbo ng mga HSR tren: magkakaroon ng dalawang tren bawat peak hour sa bawat direksiyon sa pagitan ng LAUS at ARTIC at pahihintulutan ang mga freight operation sa mga passenger track.

### Mga Benepisyo ng Proyekto

- Ang mga high-speed electric train ay patatakbuhan ng renewable energy, mag-aakit ng mas maraming mga pasahero, na mas malayo at mas mabilis na makakalakbay gamit ang zero emissions
- Pabubutihin ang kaligtasan at pagkamaasahan ng mga sasakyan, mga taong naglalakad, at cyclists sa pamamagitan ng bagong mga grade separation
- Babawasan ang mga greenhouse gas emissions at ang trapik
- Pakikinabangan ang ekonomiya at trabaho sa pamayanan, rehiyon at estado
- Kokonektahin ang mga empleyado at mga tagapag-empleyo

HSR Passenger Rail Corridor mula Los Angeles hanggang Anaheim





Los Angeles Union Station



Anaheim Regional Transportation Intermodal Center

## Mamuhunan sa Kinabukasan ng California



**Dagdagan ang Kakayahang Gumalaw** upang makapaghanda para sa paglago. Lalaki ang populasyon ng estado; magiging 40 milyon humigit kumulang bago lumipas ang 2049



**Pabutihin ang Kalidad ng Hangin** sa pamamagitan ng pag-alok ng isang high-speed train system na patatakbuin ng renewable energy bilang isang alternatiba sa paglakbay sa pamamagitan ng kotse o eruplano



**Paikliin ang Tagal ng Paglalakbay** sa pamamagitan ng isang mas mabilis, mas maginhawang paraan ng paglakbay sa estado



**Pasiglahin ang Paglago ng Trabaho** sa buong estado sa pamamagitan ng pag-alok ng mga pagkakatong magtrabaho sa bawat hakbang, mula sa pagtatayo hanggang sa pagtatakbo at pagpapanatili



**Ang pamumuhunan** sa imprastruktura ng paghatid ay napakahalaga sa pagpapalakas ng ekonomiya ng estado

## Pag-aaralan ng High-Speed Rail ang Bagong mga Grade Separation

Ang grade separation ay isang daanan na hinanay nang muli sa ibabaw o sa ilalim ng mga riles ng tren. Pabubutihin nito ang kaligtasan, hindi na maaabala ang mga crossing gate, at mababawasan ang ingay at trapik. Pag-aaralan ng Authority ang sumusunod na mga grade separation sa buong haba ng corridor mula Los Angeles hanggang Anaheim bilang bahagi ng proseso para sa kapaligiran:

**Santa Fe Springs/Condado de Los Angeles no integrado:** Pioneer Blvd

**Santa Fe Springs:** Norwalk Blvd, Los Nietos Rd, Rosecrans/Marquardt\*, Lakeland Rd

**Anaheim:** E Cerritos Ave, State College Blvd

\* Kasalukuyang Metro Project. Nagbibigay ang High-Speed Rail ng \$77 milyon para sa proyektong pinangangasiwaan ng Metro

## Ano ang isang Grade Separation?

Ang isang grade separation ay isang daanan na hinanay nang muli sa ibabaw o sa ilalim ng mga riles ng tren. Kabilang sa mga benepisyo ng mga grade separation:

### Pinabubuti ang Kaligtasan

Inaalís ng mga grade separation ang mga pagsasalungat ng mga tren at sasakyan, mga bisikleta at mga taong naglalakad.




### Binabawasan ang Ingay

Hindi nagbusina ang mga tren kapag tumatawid sa mga intersection.



### Pinabubuti ang Pagiging Maaasahan ng Pagpapatakbo ng Tren

Binibigyan ang passenger rail service ng pagkakatang magdagdag ng serbisyo.



### Binabawasan ang Trapik

Maaaring magpatuloy ang trapik maski tumatawid ang isang tren sa intersection.



### Binabawasan ang mga Greenhouse Gas Emissions

Hindi kailangang tumigil ang mga sasakyan dahil may dumarating na tren.

## Mga Freight Rail Staging Track sa Hesperia o Victorville

Pag-aari ng BNSF ang railroad right-of-way para sa bahagi ng Shared Passenger Track Alternative sa pagitan ng Los Angeles at Fullerton. Bilang matagal nang nagtataguyod na kasosyo ng passenger rail, nakikipagtulungan ang BNSF at mga passenger rail service operator upang makatakbo ang passenger service sa loob ng BNSF right-of-way.

Upang mapagaan ang malamang na mga epekto ng pagtatayo at pagpapatakbo ng sistema ng HSR, pag-aaralan ng Authority ang posibleng mga staging track sa mga pamayanan ng Hesperia o Victorville bilang pagpapagaan sa loob ng Draft Environmental Document. Magkakaroon ng hanggang sa apat na freight train ang potensiyal na mga staging track habang itinatayo ang HSR at pagkatapos nito upang mapagaan ang pagsisikip sa loob ng LA-A corridor.

## Antas III Light Maintenance Facility (LMF)

Nagmumungkahi ng isang Antas III LMF sa corridor na ito upang mapanatili sa sityo ang mga tren. Pinakamaganda kung may kasamang dedikadong wash track para sa mga tren, isang sistema ng pagtuklas ng mga depekto sa mga gulong, mga shop track sa loob na may mga inspection pit, at storage yard na maaring maglagay ng hanggang sa 24 train set. Pag-aaralan ang dalawang sityo:

Ilalagay ang 15th Street Option sa tabi ng West Bank ng Los Angeles River. Makakalagay sa opsyong ito ng 20 iisang trainset, na may anim na shop track, at itatayo ito sa kanluran ng kasalukuyang yard ng Amtrak sa Eighth Street.

Ang 26th Street Option ay ilalagay sa tabi ng Hobart Yard ng BNSF. Makakalagay sa LMF option na ito ng 24 single trainset at anim na shop track track.

Sa darating na pag-aaral ng Shared Passenger Track Alternative susuriin ang mga LMF opsyon, ang kanilang potensiyal na mga epekto, kakayahang maitayo, at kakayahang matugon ang layunin at pangangailangan ng proyekto.

## Mga High-Speed Rail Passenger Station

Magtatayo ng mga terminus station sa LAUS at ARTIC. Magsisilbi bilang intermodal facility ang kapwa istasyon: magbibigay ng napakahalagang connectivity opsyon sa ibang mga uri ng paghatid para sa maraming pasahero. Sa dokumento tungkol sa kapaligiran, pag-aaralan ang potensiyal para sa isang high-speed rail station sa pagitan. Kabilang sa mga opsyon ang walang intermediate station, o isang istasyon sa Norwalk/Santa Fe Springs Metrolink Station o sa Fullerton Metrolink Station.

## Mga Grade Crossing

Ang bahagi ng LA-A corridor mula sa Fullerton hanggang ARTIC ay binubuo ng isang track bawat direksiyon (dalawang track sa kabuuan). Sa lungsod ng Anaheim, mayroong 14 grade crossing at 10 ng mga ito ay at-grade. Pag-aari ng Orange County Transportation Authority (OCTA) ang railroad right-of-way. Pinabuti nito kamakailan ang lahat ng mga grade crossing sa Anaheim at nagdagdag ng mga pagpapabuti para sa kaligtasan. Pag-aaralan ng Shared Passenger Track Alternative ang mas kaunting grade separation, gaya ng ipinapakita sa ibaba batay sa isang iminumungkahing bagong grade crossing approach.

### Dating mga Palagay Tungkol sa Disenyo ng Alternatiba sa Proyekto ng HSR

- 7 bagong grade separation
- 4 inibang kasalukuyang mga grade separation
- 1 mananatiling at-grade
- 2 bagong crossing closure

### Mga Iminumungkahing Palagay tungkol sa Disenyo


- 2 bagong grade separation
- 4 inibang kasalukuyang mga grade separation
- 8 mananatiling at-grade

### Isinaalang-alang ng Iminumungkahing Bagong Grade Crossing ang:

- Kaunting konstruksiyon ng HSR (hindi maglalagay ng bagong track,
- dadagdagan ng koryente lamang ang kasalukuyang track)
- Pagbabawas ng pagbili ng mga pag-aari o abala mula sa pagtatayo
- Pagpapare-pareho sa ibang mga bahagi ng proyekto ng HSR
- Mga regulasyon ng bansa, estado, at lokal na pamayanan
- Kamakailang mga pagbubuti sa kaligtasan sa kasalukuyang mga crossing
- Binawasang HSR Service Plan sa loob ng corridor



# Proseso ng Pagsulong ng Proyekto



## Sabihin sa Amin ang Iniisip Ninyo

Makilahok. Tumungo sa [meethrsocal.org](https://meethrsocal.org) Maaari ninyong:

- Magtanong at mag-iwan ng mga komento o pagkabahala
- Hilingin na dumalo sa isang pulong ang mga tagapangasiwa ng proyekto
- Imbitahin ang Authority na dumalo sa isang darating na pulong ng inyong organisasyon
- Sundin kami sa aming social media:
  - @cahsra
  - /CaliforniaHighSpeedRail
  - @cahsra
  - /CAHighSpeedRail
  - /California-High-Speed-Rail

## Magkonekta tayo

- 877-669-0494
- California High-Speed Rail Authority  
Southern California regional Office  
355 S. Grand Avenue, Suite 2050  
Los Angeles, CA 90071
- [www.hsr.ca.gov](http://www.hsr.ca.gov)
- [Los.Anaheim\\_Anaheim@hsr.ca.gov](mailto:Los.Anaheim_Anaheim@hsr.ca.gov)

